# AKADEMIKONG PAGGANAP SA MTB-MLE 1 NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 1 - LOYAL NG MANTAGBAC ELEMENTARY SCHOOL

Madrid, Sheila N.

Completed 2023

E - Saliksik
Department of Education
Research Portal
e-saliksik.deped.gov.ph

*E-Saliksik: the DepEd Research Portal is the official repository of education research in the Department of Education (DepEd). This research was funded by the Basic Education Research Fund.*

# AKADEMIKONG PAGGANAP SA MTB-MLE 1 NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 1 - LOYAL NG MANTAGBAC ELEMENTARY SCHOOL

**SHEILA N. MADRID**

Date of TA Session: May12, 2023

## ABSTRAK

Ang pakay ng pananaliksik na ito ay maiangat ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral baitang 1-Loyal ng Mababang Paaralan ng Mantagbac sa MTB-MLE 1 (Mother Tongue-Based Multilingual Education) sa ikatlong kwarter. Lumikha ang mananaliksik ng mga video lesson sa ikatlong kwarter. Baitang 1-Loyal ng Mababang Paraalan ng Mantagbac ang respondente ng panaliksik ito ay binubuo ng 27 mag-aaral. Ipinapahiwatig sa mga datos na nakalap na mayroong pagkakaiba ang akademikong pagganap ng ikalawang kwarter sa ikatlong kwarter. Ipinamamalas nito na katanggap-tanggap at makatutulong upang maiangat ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.  Ang mga salik na may kinalaman sa mga guro ay may direkta ring kaugnayan sa mga salik na tumutukoy sa mga mag-aaral sa aspeto ng akademikong pagganap sa MTB-MLE. Naging epektibong ang paggamit ng video lessons sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa MTB-MLE. Ang nilikhang video lesson ay binabalak na ipalaganap sa pamamagitang ng INSET (Midyear in Servive Training) at LAC (Institutionalizes Learning Action Cell).

*Keywords: Akademikong pagganap, salik, pagsubok sumatibo, pagsusuri*

# HANDOG PASASALAMAT

Nais ng mananaliksik na ipahayag ang taos-pusong pasasalamat sa mga taong may mahalagang kontribusyon upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito.

**CRESTITO M. MORCILLA**, CESO VI, Schools Division Superintendent para sa pangangasiwa upang maisakatuparan ang pananaliksik.

**MARIA FLORA T. PANDES**, Assistant Schools Division Superintendent sa pagsuporta sa mga mananaliksik.

**GLENDA N. RITO**, PSDS ng Sta Elena District, sa kanyang patnubay at pagbibigay ng technical assistance upang mas lalong maisaayos ang pananaliksik.

**BLESILDA A. NECIO**, SEPS para sa Pagplaplano At Pananaliksik sa kanyang mahabang pang-unawa at pasensiya sa pagsuri ng aking isinulat na pananliksik.

**MA LUISAN I. AVELLANA**, School Principal II ng Mantagbac Elementary School para sa kanyang mga salita ng paghihikayat at sa suportang moral.

Ang aking asawa **JESUS B. MADRID**, anak, manugang at apo na walang sawang pagmamahal at suporta.

At higit sa lahat, Sa **Makapangyarihan Diyos,** para sa mga pagpapala, proteksyon, at gabay upang maisakatuparan ito.

# TALAAN NG NILALAMAN


| | Pahina |
|---|---|
| PAHINA NG TITULO | i |
| ABSTRAK | ii |
| PAGHAHANDOG AT PASASALAMAT | iii |
| TALAAN NG NILALAMAN | iv |
| KONTEKSTO AT RASYONALE | 1 |
| INOBASYON, INTERBENSIYON AT ESTRATEHIYA | 4 |
| PAGLALAHAD NG SULIRANIN | 5 |
| METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK | 6 |
| Kalahok At Iba Pang Pagkukunan ng Datos At Impormasyon | 7 |
| Metodo sa Pangangalap Ng Datos | 7 |
| Pagsusuri Ng Datos | 8 |
| TALAKAYAN NG RESULTA AT REPLEKSIYON | 8 |
| ADBOKASIYA DISEMINASYON AT PAGGAMIT | 16 |
| SANGGUNIAN | 17 |
| ULAT PINANSIYAL | 18 |
| APPENDICES | 19 |

# LISTAHAN NG TALAHANAYAN


| Talahanayan | Pamagat | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Mga Salik na Natukoy na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral Ayon sa Guro, Mag-Aaral at Magulang | 9 |
| 2 | Resulta ng Maikling Pagsusulit at Pagsubok Sumatibo ng Baitang 1-Loyal sa Ikalawang Kwarter at Ikatlong Kwarter | 11 |
| 3 | Mga Tuntunin at Nilalaman ng Nilikhang Video Lesson Ayon sa Mga Sumusunod Ito ay Presentasyon ng Talalakayan, Porma at Teknikal na Desinyo | 13 |
| 4 | Pagtanggap ng mga Tagasuri sa Nilikhang Kagamitang Panturo Ayon sa mga Guro at Lrms Quality Assurance | 14 |

## KONTEKSTO AT RASYONALE

Pandemyang COVID-19 ay may malaking epekto sa edukasyon lalo na sa pagkatuto ng ating mga mag-aaral. Masakit isipin ang katotohanan na maraming bata ang napag-iiwanan sa edukasyon. Nakalulungkot ngunit hindi ito ang panahon para huminto sa pagsusumikap na makapagbigay ng dekalidad na edukasyon para sa kabataang Pilipino. Ang mananaliksik ay naniniwala sa kasabihan na ang "Kabataan Ang Pag asa Ng Bayan**"** mahirap man ang kinakaharap natin na suliranin marami ding paraan upang maihatid o matugunan ang edukasyon para sa ating mag- aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Deped Order No. 74 S 2009. Nakita ng Deped na ang patakarang ito ay magpapadali sa mas mahusay na pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang wikang kinagisnan. Karagdagan, ang pag-aaral na ito ay base sa Deped Order No. 16 Series 2012. Ito ay mga gabay sa pagpapatupad ng Mother Tongue Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa ilalim ng K to 12 Basic Education Program ang unang wika ay gagamitin bilang mga wikang panturo para sa mag-aaral sa unang baitang. Pinalakas ng Deped ang Mother Tongue-based na edukasyon para mapabuti ang mabilisang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral ni Ricablanca, (2014) kapag ang mag-aaral ay nalantad sa pagtuturong nakabatay sa sariling wika, ang kanilang antas ng tagumpay sa pretest, posttest at retention test ay bumubuti nang higit kaysa sa tagumpay ng mga mag-aaral sa pagtuturo sa Ingles. Bagama't di ganoon kataas ang mga markang nakuha ng mga mag-aaral sa pagtuturong nakabatay sa sariling wika

ngunit nahihigitan pa rin nito ang mga markang nakuha ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng Ingles.

Sa pag-aaral ni Burton (2013) malaking tulong ang asignaturang MTB-MLE sa ating mag-aaral na mas mapadali ang kanilang pagkatuto kung ang gagamitin sa pagtuturo ay ang kanilang nakagisnang lingwahe. Nabawasan ang mga drop-outs at pag-uulit ng grado ng mga mag-aaral. Mahihinuha na ito ay dulot ng pag engganyo sa bata na gamitin ang kaniyang wika na ginagamit sa bahay o unang wika. Ang paggamit ng nakagisnang lingwahe ay nahahasa ang kanilang intelektwal na kakayahan upang umunlad sa pagkatuto at mas maiprepresenta nila ang kanilang nais. Sa kadahilanang ito, nasasabi ng mga bata ang kanilang nais na matutunan, hindi naiintindihan, at pangangailangan.

Base sa pag-aaral ni Rudyard C. Balacano, PhD, (2020) ang pagtuturo ng wika at kaalaman sa mga wika ay may mahalagang papel sa pagtuturo at pagkatuto. Ang kahalagahan ng pagtuturo ng katutubong wika ay dapat kilalanin sa maagang pagkabata at elementarya. Ang pangunahing layunin ng paggamit ng local na diyalekto sa pagtuturo ng baitang 1 ay ang mga sumusunod: 1. Pagpapalaganap ng impormasyon sa kahalagahan ng pagtuturo na nakaantabay sa sariling wika 2. Suportahan ang mga programa ng pamahalaan sa edukasyong multilinggwal na nakaantabay sa katutubong wika; 3. Hikayatin ang pagpapaunlad ng katutubong wika sa antas ng kasanayan sa pang-akademikong wika 4. Kilalalanin ang sariling wika bilang priyoridad sa paghusga sa tagumpay ng mga bata sa elementarya.

Base rin sa Corporation for Public Broadcasting (CPB, 2001) ang paggamit ng pampagkatutong video lesson at telebisyon sa klasrum ay tumaas sa mga nakalipas na 5 hanggang 10 taon, ayon sa pag-aaral na isinagawa ng Corporation Broadcasting for Public Broadcasting. Ang survey na ito ay sumukat sa mga porma ng paggamit ng mga guro  at pag-uugali, inaasahan sa mga resulta. Hindi lang ito ang teknolohiyang palaging ginagamit, ayon sa pinakabagong pag-aaral, ito ang pinakaginagamit at nagustuhan bilang gamit sa pagtuturo nang mabisa at malikhain. Sa pinakabagong pag-aaral 92% ang mga guro ang nagsabing ang paggamit ng TV at video lessons ay nakatulong sa pagkatuto at pagtuturo. Sa katunayan, halos lahat ng mga mag-aaral na parehong meron at walang tiyak na paraan ng pag-aaral ay nakinabang sa pagkatuto gamit ang video lessons.

Ang Mababang Paaralan ng Mantagbac ay isa sa mga paaralan na nagpapatupad ng Basic Education Learning Continuity Plan ng DepEd. Batay Sa resulta ng mga datos katulad ng resulta ng ng maikling pagsusulit at pagsubok sumatibo ng ikalawang kwarter napag-alaman na mababa ang naging resulta ng pagtataya na may antas ng pagganap o performance level na 56.10 mula sa 27 na mag-aaral sa unang baitang 1-Loyal. Napag-alaman din sa isinagawang home visitation na ang mga magulang ay nahihirapang turuan ang kanilang mga anak sa pagkatuto ng mga aralin. Sa kadahilanan minabuti ng mananaliksik na gumawa o lumikha ng istratehiya gamit ang video lesson sa pagtuturo upang mapahusay ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang MTB-MLE 1. Upang mapahusay ang antas ng pagkatuto, ang baitang 1-Loyal na mga mag-aaral ng Mababang Paaralan ng Mantagbac ay gagamit ng video lesson na may talakayan.

Sa pamamagitan nito magkakaroon ng follow up teaching and learning sa kanilanmg tahanan sa gabay ng magulang upang matugunan ang suliranin sa pagkatuto ng MTB-MLE.

## INOBASYON, INTERBENSIYON AT ESTRATEHIYA

Dahil sa kinakaharap na pagsubok sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto ang tagapagsaliksik na gumawa o lumikha ng video lessons na nakabatay sa MELC MTB-MLE 1 para sa ikatlong kwarter mula sa Unang Linggo hanggang Ikawalong Linggo na susog sa Mother Tongue Most Essential Competencies (MELC) na may mga layunin na: (1) Participate actively in class discussions on familiar topics; (2) Read sight words; (3) Read grade level short paragraph/story with proper expression; (4) Note important details in grade level literary and informational texts listened to; (5) Interpret pictograph; (6) Talk about various topics and experiences using descriptive words; (7) Tell/retell legends, fables, and jokes; (8) Write with proper spacing, punctuation and capitalization when applicable; (9) Identify and use synonyms, antonyms, homonyms (when applicable) and words with multiple meanings correctly; (10) Identify the tense of the action word in the sentence; (11) Infer the character feelings and traits in a story read; (12) Use the correct tense and time signal of an action word in a sentence; (13) Follow 2 to 3 step written directions; (14) Observe proper indentions, and format when copying, writing, phrase, sentences, and short paragraph; (15) Read labels in an illustration; (16) Retell literary and information

texts appropriate to the grade level listened to; (17) Identify action word in oral and written exercises; (18) Use action words to give simple two to three-step directions.

Sa pamamagitan ng mga gadgets tulad ng cellphone, telebisyon, tablet, laptop, desktop ito ay mapapanood kahit walang internet gamit ang flashdrive. Masasabing napapanahon ang paraang ito upang maiangat ang antas ng pagkatuto ng ating mga mag-aaral. Ito ay gagamitan ng mga makulay na imahe upang maengganyo ang mga mag-aaral na makinig at manood sa tatalakayin gawaing pagkatuto.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ng baitang I-Loyal ng Mababang Paaralan ng Mantagbac gamit ang Video Lesson sa pagtuturo ng MTB-MLE 1 Ikatlong Kwater, Unang Linggo hanggang Ikawalong Linggo na nilikha ng mananaliksik bilang karagdagang gawaing aktibidad sa tahanan (home learning activity).

Ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-anong mga salik ang nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral Baitang 1-Loyal ng Mantagbac Elementay School ayon sa:
    a. guro;
    b. mag-aaral; at
    c. magulang?
2. Ano ang resulta ng maikling pagsusulit at pagsubok summatibo (parallel test at summative test) sa Ikalawang Kwarter kumpara sa Ikatlong Kwarter?

3. Ano-ano ang mga tuntunin o nilalaman ng nilikhang video lesson ayon sa mga sumusunod:
   a. presentasyon ng talakayan; at
   b. porma at teknikal na disenyo?
4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasuri sa nilikhang kagamitang panturo ayon sa mga:
   a. teacher; at
   b. LRMS quality assurance team?

**METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Quasi-Experimental bilang paraan ng pagkuha at pagproseso ng mga datos kung saan ito ay naglalayong maipakita o malaman ang sanhi at bunga sa pagitan ng dependent at independent variable. Gayundin, magiging basehan din ang resulta ng maikling pagsusulit at pagsubok sumatibo (parallel test at summative test) sa Ikalawang Kwarter at ang resulta ng Ikatlong Kwarter upang malaman kung may pagbabagong naganap. Ang datos ay manggagaling sa 27 na mag-aaral ng Baitang 1-Loyal. Ang Ikalawang Kwarter ay magiging controlled group at ang Ikatlong Kwarter ay experimental group. Ang experimental group ang gagamit ng video lesson bilang karagdagan gawaing aktibidad sa tahanan (additional home learning activity) habang ang controlled group ay hindi gagamit ng video lesson. Pagkatapos ng maikling paglalahad, magkakaroon ng maikling pasusulit at pagsubok sumatibo. Ang resulta ng mga pagsusulit na ito ay iipunin at pagsasama- samahin para sa analisis.

Minabuti ng mananaliksik na gumawa o lumikha ng istratehiya gamit ang video lesson bilang karagdagang gawaing aktibidad sa tahanan (home learning activity) upang mapahusay ang antas ng pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang MTB-MLE 1 (Mother Tongue-Based Multilingual Education) Baitang I Loyal mag-aaral ng Mababang Paaralan ng Mantagbac. Ito ay napapanahon upang bigyan buhay, kulay at maging kawili-wili ang karagdagan gawaing aktibidad sa tahanan (additional home learning activity). Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matugunan ang suliranin sa pagkatuto ng MTB-MLE 1.

**a. Kalahok At Iba Pang Pagkukunan Ng Datos At Impormasyon**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga mag-aaral Baitang 1 - Loyal ng Mababang Paaralan ng Mantagbac, Distrito ng Hilagang Daet, Sangay ng Camarines Norte, na binubuo ng 27 na mag-aaral. Napili ang mga mag-aaral na ito upang maiangat ang ikatlong kwarter akademikong pagganap ng mga mag-aaral Baitang 1-Loyal. Ang pag-aaral na ito ay isasakatuparan mula Enero 2023 hanggang Mayo 2023.

Sa pagkalap ng datos total enumeration isang uri ng purposive sampling technique ang gagamitin sa pananaliksik na ito, kung saan ang mananaliksik ay susuriin ang buong populasyon upang ang lahat ng kalahok ay may pagkakataon na makasali at maiiwasan na maging bias sa pagpipili.

**b. Metodo sa Pangangalap ng Datos**

Sa pagkalap ng mga datos, ang mananaliksik ay gumamit ng survey questionare bilang instrumento sa pangangalap ng datos. Ang survey questionare

para sa guro, mag-aaral, at magulang ay naglalaman ng mga salik na nakakaapeto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral Baitang 1 - Loyal ng Mantagbac Elementary. Tungkol sa pagsusuri ng mga datos, ginawa ito upang matukoy nakakaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

c. **Pagsusuri ng Datos**

Upang matukoy ang bisa ng video lesson at makuha ng mananaliksik ang resulta ng pag-aaral. Ito ay gumamit ng mga sumusunod:

**Mean** ginawa ito sa pamamagitan ng pagkuha ng kabuuan ng lahat ng sumagot na hinati sa kabuuan dami ng sagot. Ang Talahanayan 1, 3 at 4 ay ginamitan ng mean upang malaman ang interpretasyon sa pamamagitan ng Iskala.

**Performance Level** ginagamit upang tukuyin ang kakayahan ng o antas na pagganap ng mga mag-aaral.

**Percentage** ginamit na paraan upang makita ang pagkakaiba ng resulta sa ikalawang kwarter kumpara sa ikatlong kwarter.

## TALAKAYAN NG RESULTA AT REPLEKSIYON

Sa pananaliksik na ito isinawalat ang mga resulta ng mga natuklasan ayon pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap upang matukoy ang mga salik na nakaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga mag-aaral Baitang 1-Loyal Ng Mantagbac Elementary School upang maiangat ang Akademikong Pagganap ng mga mag-aaral. Ito ay nagpapatunay na ang paggamit ng video lesson ay epektibo at napapanahon. Natutunan ng mananaliksik sa pag-aaral na

ito na dapat maging maparaan tayong mga guro upang matugunan ang akademikong pangangailangan ng ating mag-aaral.

**Mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral Baitang 1 - Loyal ng Mantagbac Elementay School**

**Talahanayan 1**
**Mga Salik na Natukoy na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng Mag- aaral ayon sa Guro, Mag-aaral at Magulang**

| SALIK | GURO | | MAG-AARAL | | MAGULANG | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | Interpretation | Mean | Interpretation | Mean | Interpretation |
| Naipapakita ang maayos na istilo at kasanayan ng guro sa pagtuturo | 3.80 | Sang-ayon | 3.44 | Sang-ayon | 3.59 | Lubos na Sang-ayon |
| Malinaw ang istilo ng video lesson | 3.70 | Lubos na Sang-ayon | 3.55 | Lubos na Sang-ayon | 3.48 | Sang-ayon |
| Nagpapakita ng motibasyon at dedikasyon ang guro sa pagtuturo at pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral | 3.80 | Lubos na Sang-ayon | 3.59 | Lubos na Sang-ayon | 3.62 | Lubos na Sang-ayon |
| Naiaangat ang antas ng interes at motibasyon ng mag-aaral sa instruksiyon at pag-aaral ng mga aralin | 3.80 | Lubos na Sang-ayon | 3.62 | Lubos na Sang-ayon | 3.40 | Sang-ayon |
| Nagpapakita ng pangkalahatang antas ng kognitibong kakayahan ng mag-aaral | 4.00 | Lubos na Sang-ayon | 3.51 | Lubos na Sang-ayon | 3.62 | Lubos na Sang-ayon |
| Nagpapakita ng pokus at konsentrasyon ang mga mag-aaral sa kanilang akademikong tungkulin | 4.00 | Lubos na Sang-ayon | 3.62 | Lubos na Sang-ayon | 3.77 | Lubos na Sang-ayon |
| Naiaangat ang antas ng literasiya ng mga magulang | 3.90 | Lubos na Sang-ayon | 3.77 | Lubos na Sang-ayon | 3.62 | Lubos na Sang-ayon |
| Naipamamalas ang panahon, atensiyon at pangkalahatang suporta ng mga magulang sa gawaing pang-akademikong ng mga mag-aaral | 3.90 | Lubos na Sang-ayon | 3.48 | Sang-ayon | 3.59 | Lubos na Sang-ayon |

*Iskala:*

**3.51-4.00-**Lubos na Sang-ayon
**2.51-3.50**-Sang-ayon
**1.51-2.50**-Hindi Sang-ayon
**1.00-1.50**-Lubos na Hindi Sang-ayon

Ayon sa datos ng talahanayan 1 na ang mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ayon sa guro ay ang “malinaw ang istilo ng video lesson na may weighted mean na 3.70 at may interpretasyon na “ lubos na Sang-ayon” kumpara sa ibang mga salik. Samantalang ayon sa mag-aaral ang salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ay ang “Naipapakita ang maayos na istilo at kasanayanng guro sa pagtuturo” na may weighted mean na 3.44 na ang interpretasyon ay “sang-ayon”. Base sa mga magulang ang salik na nakaaapekto ay ang naiaangat ang antas ng interes at motibasyon ng mag-aaral sa instruksiyon at pag-aaral ng mga aralin na may weighted mean na 3.40 na may interpretasyon na “sang-ayon”.

Sa kabuuan ng talahanayan 1 ipinapakita nito na nakaaapekto ang mga salik upang maiangat ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Malinaw na ipinapakita sa datos na nakalap na malaking tulong ang paggamit ng video lesson upang magkaroon ng mas mataas na antas ng pagkatuto ang mga mag-aaral. Masasabing napapanahon ang paggamit ng video lesson upang maging epektibo ang pagtuturo at pagkatuto ng ating mag-aaral.

Ayon kay Gardner (1999) sa kanyang Multiple Intelligence Theory, “Ang mga mag-aaral ay may ibat-ibang paraan ng pagkatuto sa pamamagitan ng nakikita meron din namang sa pamamagitan ng pakikinig.” Dagdag pa niya, “ang multimedia presentations ay isang mabisang paraan upang matugunan ang pangangailangan ng iba’t-ibang uri ng mag-aaral sapagkat ang mga ito ay may katangian na angkop sa iba’t ibang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral”.

**Resulta ng maikling pagsusulit at pagsubok summatibo sa Ikalawang Kwarter kumpara sa resulta ng ikatlong kwarter**

**Talahanayan 2**
**Resulta ng mga Maikling Pagsususlit at Pagsubok Sumatibo ng Baitang 1 – Loyal sa Ikalawang Kwarter at Ikatlong Kwarter**

| **Quarter 2** Experimental group<br>Maikling pagsusulit | **Quarter 3** **Controlled group**<br>Maikling pagsusulit | **Increase** | **Quarter 2** Experimental group<br>Pagsubok sumatibo | **Quarter 3** Controlled group<br>Pagsubok sumatibo | **Increase** |
|---|---|---|---|---|---|
| **56.10** | **77.49** | **21.39%** | **59.25** | **79.13** | **19.88%** |

Pinapakita sa tahanayan 2 na ang resulta ng Ikalawang Kwarter **(Experimental Group)** sa maikling pagsusulit ay mababa kaysa Ikatlong Kwarter **(Controlled Group).** Sa pagkukumpara ng dalawang resulta ng maikling pagsusulit, makikita na tumaas ito ng 21.39%. Ipinapakita rin sa talahanayan 2 na ang resulta ng pagsubok sumatibo sa Ikalawang Kwarter ay mababa kaysa Ikatlong Kwarter **(Controlled Group).** Ang pagsubok sumatibo ay may itinaas na 19.88% batay sa pagkukumpara ng resulta sa Kwarter 2 at Kwarter 3.

Mapapansin sa Talahanayan 2 na nakakuha ng mas mataas na resulta sa pagsubok sumatibo ang Ikatlong Kwarter kumpara sa Ikalawang Kwarter. Makikita sa datos na tumaas. Ang Ikatlong Kwarter ay isinailalim sa pag-aaral na ito ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pagkatuto sa mga aralin gamit ang makabagong paraan ng pagtuturo kumpara sa Ikalawang Kwarter na hindi gumamit ng makabagong paraan ng pagtuturo. Masasabing malaki ang naitulong nito upang maiangat ang Akademikong Pagganap ng mga mag-aaral.

Ang talahanayan 3 ay naglalaman ng mga tuntunin o nilalaman ng nilikhang video lesson ayon sa presentasyon ng talakayan, porma, at teknikal ng disensyo. Makikitang sa nilalaman 1 presentasyon ng talakayan na tatlo sa apat panukat ang may markang 4.00 na ang interpretasyon ay “lubos na sang-ayon samantalang sa panukat na “biswal” ay may markang 3.40 na ang interpretasyon ay “sang-ayon”. Karagdagan, sa nilalaman 2 ay may 2 panukat na nakakuha ng markang 4.00 samantalang ang “kalidad ng tunog” ang may mababang markang 3.00. Sa kabuuan, ay may 3.73 marka o may interpretasyon na “lubos na sang-ayon” ang mga guro sa presentasyon, porma, at teknikal na disensyo ng video lesson. Ito ay nagpapahiwatig na mabisa ang video lesson sa pag-angat ng akademikong pagganap ang mga mag-aaral baitang 1-Loyal ng Mantagbac Elementary School.

Ipinahihiwatig na ang video lesson ay epektibo upang maiangat ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ipinapakita ng talahanayan 3 na ang mga tuntunin at nilalaman ng nilikhang video lesson ayon sa presentasyon ng talakayan at porma at teknikal na disenyo ay may kabuuan “lubos na sang-ayon”. Naging epektibo ang paggamit ng video lesson upang maiangat ang antas ng pagkatuto at akademikong pagganap ng mga mag-aaral MTB-MLE. Nagpapatunay lamang na may mahalagang bahagi ang video lesson upang mapaunlad ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa kabuuan ng ebalwasyon ang video lesson ay katanggap tanggap at napapanahon sapagkat natutugunan nito ang edukasyon pangangailangan ng ating mga mag-aaral.

**Talahanayan 3**
**Mga tuntunin o nilalaman ng nilikhang video lesson ayon sa mga sumusunod ito ay presentasyon ng talakayan at porma at teknikal na disenyo**

| **Nilalaman 1**: presentasyon ng talakayan | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Ginamit na lingwahe | 4.00 | Lubos na sang-ayon |
| 2. Biswal | 3.40 | Sang-ayon |
| 3. Oral na paglalahad | 4.00 | Lubos na sang-ayon |
| 4. Pagkamalikhain | 4.00 | Lubos na sang-ayon |
| **Nilalaman 2:** porma at teknikal na disenyo | | |
| 1. Kalidad ng tunog | 3.00 | Sang-ayon |
| 2.Angkop sa mga layunin ng pagtuturo | 3.40 | Sang-ayon |
| 3.Malinaw ang video. | 3.80 | Lubos na sang-ayon |
| 4.Angkop at mabisa ang tunog at biswal. | 4.00 | Lubos na Sang-ayon |
| 5.Ang haba ng video lesson ay angkop sa attension Span ng mag-aaral | 4.00 | Lubos na Sang-ayon |
| **Kabuuan** | **3.73** | **Lubos na sang-ayon** |

Iskala:

**3.26-4.00-**Lubos na Sang-ayon
**2.51-3.25**-Sang-ayon
**1.76-2.50**-Hindi Sang-ayon
**1.00-1.75**-Lubos na Hindi Sang-ayon

**Pagtanggap ng mga tagasuri sa nilikhang Kagamitang panturo ayon sa teacher at LRMS quality assurance team.**

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng ebalwasyon ng pagtanggap ng mga tagasuri sa nilikhang kagamitang panturo ayon sa mga guro at LRMS quality assurance team. Sa nilalaman 1, ang 3 panukat na may pinakamataas na marka ayon sa mga guro at LRMS na may interpretasyon na “lubos ng sang-ayon”. Samantalang sa nilalaman 2, ang 3 panukat ang may mataas na marka na ang interpretasyon ay “lubos na sang-ayon” at ang 2 panukat ay may interpretasyon na “sang-ayon”. Sa kabuuan, ang marka mula sa panukat ayon sa mga guro ay 3.73 o “lubos na sang-ayon”, at sa LRMS quality assurance team ay 4.00 or “lubos na sang-ayon”. Ang kabuuang marka ayon sa mga guro at LRMS ay 3.86 o may interpretasyon ng “lubos na sang-ayon”.

**Talahanayan 4**
**Pagtanggap ng mga tagasuri sa nilikhang kagamitang panturo ayon sa mga guro, LRMS quality assurance team, at master teacher**

| | Guro | LRMS | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman 1**: presentasyon ng talakayan | | | | |
| 1. Ginamit na lingwahe | 4.00 | 4.00 | **4.00** | **Lubos na sang-ayon** |
| 2. Biswal | 3.40 | 4.00 | **3.70** | **Lubos na Sang-ayon** |
| 3. Oral na paglalahad | 4.00 | 4.00 | **4.00** | **Lubos na sang-ayon** |
| 4. Pagkamalikhain | 4.00 | 4.00 | **4.00** | **Lubos na sang-ayon** |
| **Nilalaman 2:** porma at teknikal na disenyo | | | | |
| 1. Kalidad ng tunog | 3.00 | 4.00 | **3.50** | **Sang-ayon** |
| 2.Angkop sa mga layunin ng pagtuturo | 3.40 | 4.00 | **3.70** | **Lubos na sang-ayo8** |
| 3.Malinaw ang video. | 3.80 | 4.00 | **3.90** | **Lubos na Sang-ayon** |
| 4.Angkop at mabisa ang tunog at biswal. | 4.00 | 4.00 | **4.00** | **Lubos na sang-ayon** |
| 5.Ang haba ng video lesson ay angkop sa attension Span ng mag-aaral | 4.00 | 4.00 | **4.00** | **Lubos na sang-ayon** |
| **Kabuuan** | **3.73** | **4.00** | **3.86** | **Lubos na sang-ayon** |

Iskala:
**3.51-4.00-**Lubos na Sang-ayon
**2.51-3.50**-Sang-ayon
**1.51-2.50**-Hindi Sang-ayon
**1.00-1.50**-Lubos na Hindi Sang-ayon

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng lubos na pagsang-ayon ng mga guro at LRMS na ang paggamit ng video lesson ay epektibo upang maiangat akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Napatunayan sa datos na ito na lubos na sang-ayon ang mga guro, mag-aaral at magulang na lubos na mabisa at epektibo ang video lesson bilang

karagdagan gawaing aktibidad sa tahanan (additional home learning activity). Upang maiangat ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang MTB-MLE 1. Malinaw na ipinapakita ng mga datos na nakakatulong ng malaki ang paggamit nito upang magkaroon ng mas mataas na antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

**REPLEKSIYON**

Sa pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito, hindi maiiwasan ang mga paghihirap na kakaharapin. Sa pananaliksik namulat ang aking isipan kung paano maiaangat ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Nalaman ko na kahalagahan ng pananaliksik upang matugunan ang edukasyon pangangailangan ng ating mag-aaral upang maiangat ang akademekong pagganap. Marami akong natutunan na maaaring ibahagi sa ating mga magulang, mag-aaral at kapwa guro.

Naging matagumpay ang pananaliksik na ito dahil sa mga ideya na ibinahagi ng mga taong eksperto. Sila ay may malaking bahagi upang maging matagumpay ang pananaliksik dahil ibinahagi nila ang kanilang kaalaman, sila ay naglaan ng panahon at pasensiya upang maisakatuparan ang pananaliksik. Masasabi kong sila ang nasa likod ng tagumpay ng pananaliksik.

Upang mapalawak ang inobasyon na ito aking ibabahagi sa aking mga kapwa guro ang mga natutunan sa panaliksik pamamagitan ng pagiging tagapagsalita sa LAC o INSET. Sa pamamagitan ng LAC at INSET ang mga guro ay mabibigyan ng mga idea na may kasiya-siyang epekto ang paggamit ng video lesson upang maiangat ang akademikong pagganap ng ating mga mag-aaral.

**ADBOKASIYA DISEMINASYON AT PAGGAMIT**

Ito ay naglalaman ng aktibidad kung paano ng detalyadong at pagkasunod-sunod na hakbang o plano na dapat gawin upang maging maayos at matagumpay ang sa pamamahagi ng gawain. Ito ay naglalaman ng tunguhin, Gawain, target na panahon, taong kasangkot at awput.

| MGA TUNGUHIN | LAYUNIN | GAWAIN | TARGET NA PANAHON | TAONG KASANG-KOT | AWTPUT |
|---|---|---|---|---|---|
| Paghingi ng pahintulot sa punong guro | ipamahagi sa ibang guro ang interbensiyon | Paggawa ng proposal | Hulyo, 2023 | manana-liksik , Punong guro | Pagsasagawa Pagsasakatu-paran ng pamamahagi at paggamit ng video lesson |
| Paghingi ng permiso sa ibang paaralan | ipamahagi sa ibang paaralan ang interbensiyon | Paggawa ng proposal | Agosto 2023 | punong guro, mananalisik | Pamamahagi ng video lesson |
| Paghingi ng permiso na maging tagapagsalita sa LAC | ipamahagi sa ibang guro ang interbensiyon | Tagapagsalita sa LAC | Tuwing Biyernes 2023 | Manaliksik Guro Punong guro | Talakayin ang epekto sa akademikong pagganap ng mag-aaral sa pagagamit ng video lesson |
| Paghingi ng permiso na maging tagapagsalita sa INSET | ipamahagi sa ibang guro ang interbensiyon | Tagapagsalita sa INSET | December 2023 | Manaliksik Guro Punong guro | Talakayin ang epekto sa akademikong pagganap ng mag-aaral sa pagagamit ng video lesson |
| Ipapagamit sa ibang mag-aaral ng paaralan | Ipapagamit sa ibang mag-aaral ng paaralan | | Sa sunod na school year | Guro Mag-aaral | |

## SANGGUNIAN


Deped Order No. 74 s. 2009. *Institutionalizing Mother Tongue-Based Multilingual Education (MLE).*

Deped Order No 16 Series 2012. *Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE).*

Ricablanca,J. D. (2014). *Effectiveness of Mother-Tongue-Based instruction on pupils' achievement in Mathematics (Master's thesis).* Retrieved from December 22, 2022, https://goo.gl/sFjZn6

Burton. (2013) Mother tongue-based multilingual education in the Philippines: Studying top-down policy implementation from the bottom up (2013) University of Minnesota, USA. Retrieved from December 22, 2022https://scholar.google.com.ph/scholar?q=burton+2013&hl=en&as_sdt=0&as_vis=1&oi=scholart

Balacano,R PhD (2020) file:///C:/Users/MES/Downloads Retrieved on December 22, 2022, 7577-Article%20Text-33051-1-10-20200902.pdf

Corporation for Public Broadcasting (CPB, 2001) Retrieved from December 22, 2022, https://www.cpb.org/rfp-tags/educatio

Gardner H.  1999) Retrived December 20, 2022 https://www.niu.edu/citl/resources/guides/instructional-guide/gardners-theory-of-multiple-intelligences.shtml

**ULAT PINANSIYAL**

Ang mga gastus na nauugnay sa aktibidad na ito ay nagmula sa personal na pondo ng mananaliksik. Makikita dito ang aktibidad ng pagsasaliksik, paglalarawan (description) ng mga materyales, bilang, presyo at kabuuan presyo ng mga ginamit.

| AKTIBIDAD | CASHOUT | BALANCE |
|---|---|---|
| BASIC EDUCATION RESEARCH FUND | | P15,000 |
| Paghahanda Ng Action Research Proposal | Php.300 | Php.14,700 |
| Paglilimbag Ng Mga Pagsusulit | Php.2,500 | Php.12,700 |
| Home Visitation | Php500 | Php12,200 |
| Pagsasa-Ayos Ng Action Research | Php1,000 | Php11,200 |
| Mailing Of Research Proposal | Php500 | Php10,700 |
| Authentication Of MOA | Php500 | Php10,200 |
| Paghahanda Ng Action Research Accomplishment Report | Php1000 | Php9,200 |
| Ink | Php2500 | Php6,700 |
| Pagpasa Ng Accomplishment Completion Report | Php500 | Php6,200 |
| Hotel accomodation | Php1,868 | Php4,332 |
| Paglilimbag ng out puts at Binding of Documents | Php1,000 | Php3,332 |
| USB | Php2,000 | Php1,332 |
| Bond paper | Php1000 | Php 332 |
| transportation | Php332 | Php00.00 |

Inihanda ni:

**SHEILA N. MADRID**
*Teacher III*

PANGALAN (OPTIONAL)_______________________________________________

| | Lubos na Sang-ayon<br><br>(4) | Sang-ayon<br><br>(3) | Hindi Sang-ayon<br><br>(2) | Lubos na Hindi Sang-ayon<br>(1) |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman 1**: presentasyon ng talakayan | | | | |
| 1. Ginamit na lingwahe | | | | |
| 2. Biswal | | | | |
| 3. Oral na paglalahad | | | | |
| 4. Pagkamalikhain | | | | |
| **Nilalaman 2:** porma at teknikal na disenyo | | | | |
| 1. Kalidad ng tunog | | | | |
| 2.Angkop sa mga layunin ng pagtuturo | | | | |
| 3.Malinaw ang video. | | | | |
| 4.Angkop at mabisa ang tunog at biswal. | | | | |
| 5.Ang haba ng video lesson ay angkop sa attension Span ng mag-aaral | | | | |
| | | | | |

PANGALAN (OPTIONAL)____________________________________________

Guro

| | Lubos na Sang-ayon (4) | Sang-ayon (3) | Hindi Sang-ayon (2) | Lubos na Hindi Sang-ayon (1) |
|---|---|---|---|---|
| Naipapakita ang maayos na istilo at kasanayan ng guro | | | | |
| Malinaw ang istilo ng video lesson | | | | |
| Nagpapakita ng motibasyon at dedikasyon ang guro sa pagtuturo at pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral | | | | |
| Naiaangat ang antas ng interes at motibasyon ng mag-aaral sa instruksiyon at pag-aaral ng mga aralin | | | | |
| Nagpapakita ng pangkalahatang antas ng kognitibong kakayahan ng mag-aaral | | | | |
| Nagpapakita ng pokus at konsentrasyon ang mga mag-aaral sa kanilang akademikong tungkulin | | | | |
| Naiaangat ang antas ng literasiya ng mga magulang | | | | |
| Naipamamalas ang panahon, atensiyon at pangkalahatang suporta ng mga magulang sa gawaing pang-akademikong ng mga mag-aaral | | | | |

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
REGION V-BICOL
Schools Division Office of Camarines Norte
Daet North District
MANTAGBAC ELEMENTARY SCHOOL

**Q2 PARALLEL TEST RESULT** **Q3 PARALLEL TEST RESULT**

| RESPONDENT | | RESPONDENT | |
|---|---|---|---|
| 1. | **22** | 1. | **29** |
| 2. | **25** | 2. | **31** |
| 3. | **24** | 3. | **28** |
| 4. | **21** | 4. | **31** |
| 5. | **22** | 5. | **29** |
| 6. | **26** | 6. | **30** |
| 7. | **25** | 7. | **27** |
| 8. | **23** | 8. | **29** |
| 9. | **25** | 9. | **29** |
| 10. | **20** | 10. | **31** |
| 11. | **21** | 11. | **31** |
| 12. | **20** | 12. | **29** |
| 13. | **21** | 13. | **29** |
| 14. | **24** | 14. | **30** |
| 15. | **26** | 15. | **31** |
| 16. | **20** | 16. | **29** |
| 17. | **21** | 17. | **30** |
| 18. | **20** | 18. | **31** |
| 19. | **20** | 19. | **30** |
| 20. | **22** | 20. | **33** |
| 21. | **22** | 21. | **30** |
| 22. | **24** | 22. | **30** |
| 23. | **20** | 23. | **33** |
| 24. | **23** | 24. | **32** |
| 25. | **24** | 25. | **32** |
| 26. | **20** | 26. | **31** |
| 27. | **23** | 27. | **30** |
| | | | |
| **Total** | **606** | **Total** | **836** |
| **PL** | **56.10** | **PL** | **77.49** |

**SHEILA N. MADRID**
Adviser

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
REGION V-BICOL
Schools Division Office of Camarines Norte
Daet North District
MANTAGBAC ELEMENTARY SCHOOL

**Q2 SUMMATIVE TEST RESULT** | **Q3 SUMMATIVE TEST RESULT**

| RESPONDENT | | RESPONDENT | |
|---|---|---|---|
| 1. | **23** | 1. | **32** |
| 2. | **26** | 2. | **33** |
| 3. | **25** | 3. | **32** |
| 4. | **22** | 4. | **31** |
| 5. | **23** | 5. | **33** |
| 6. | **24** | 6. | **32** |
| 7. | **26** | 7. | **31** |
| 8. | **25** | 8. | **31** |
| 9. | **27** | 9. | **33** |
| 10. | **22** | 10. | **33** |
| 11. | **23** | 11. | **31** |
| 12. | **22** | 12. | **31** |
| 13. | **23** | 13. | **29** |
| 14. | **26** | 14. | **32** |
| 15. | **27** | 15. | **31** |
| 16. | **22** | 16. | **33** |
| 17. | **23** | 17. | **30** |
| 18. | **22** | 18. | **33** |
| 19. | **22** | 19. | **31** |
| 20. | **24** | 20. | **31** |
| 21. | **23** | 21. | **32** |
| 22. | **20** | 22. | **32** |
| 23. | **24** | 23. | **32** |
| 24. | **23** | 24. | **33** |
| 25. | **20** | 25. | **30** |
| 26. | **24** | 26. | **30** |
| 27. | **22** | 27. | **33** |
| | | | |
| **Total** | **640** | **Total** | **855** |
| **PL** | **59.25** | **PL** | **79.13** |

**SHEILA N. MADRID**
Adviser